# Emergency

## 1 Kapag may Emergency


### (1) Kapag may sunog Dial ☎119

I-dial ang 119 sa pagtawag ng bombero kapag may sunog, at alertuhan ang kapamilya at mga kapitbahay. Maaaring gamitin ang extinguisher kapag ang apoy ay hindi pa umaabot sa kisame. Siguraduhin na hindi nahaharangan ang mga daanan palabas habang kayo ay abala sa pagpatay ng apoy. Huwag buhusan ng tubig ang nag-aapoy na mga kawali na may mantika.




### (2) Kapag nagkasakit at nasugatan Dial ☎119

I-dial ang 119 sa pagtawag ng ambulansya kapag may malubhang karamdaman o malubhang nasugatan, at ipaalam ang inyong tamang tirahan kasama ang numero ng inyong kuwarto.




**<Paalala>**

Maaari kayong gumamit ng ambulansya ng walang bayad kapag emergency lamang, katulad ng malubhang nasusugatan. Sa mga nasusugatan o may karamdaman na hindi naman malubha, mangyari lamang na gumamit ng sarili ninyong sasakyan o kaya mag-taxi na lamang.

### (3) Kapag naaksidente sa trapiko o krimen. Dial ☎110

Kumontak sa istasyon ng pulisya.
Tingnan sa ibaba para sa konsultasyon sa iba't-ibang wika.
Katanungan: Metropolitan Police Department Consultation Center for Foreign Residents
☎03-3503-8484
Lunes hanggang Biyernes.
8:30 a.m. - 5:15 p.m.



# 2 Pagsawata sa Sakuna

## [Katanungan] Disaster Preparation and Crisis Management Division ☎03-5744-1235


## (1) Laban sa Lindol

Dahil ang Japan ay isa sa bansa sa mundo na may pinakamaraming bulkan, madalas nagkakalindol. Kinakailangan na palagi tayong handa sa araw-araw na pamumuhay upang hindi mag-panic sakaling may dumating na sakuna.

### ① Paghahanda laban sa lindol

**◯Mag pulong-pulong sa tahanan ukol sa paglaban sa lindol.**

Kapag may malakas na lindol, walang mga pampublikong transportasyon na magagamit. At saka, magkakaroon ng mga trapiko at magiging mahirap ang komunikasyon. Ipinapayo na pag-uusapan ng mga miyembro ng pamilya kung paano kayo magkokontakan at kung saan magkikita kung may kalamidad sa lindol.




**◯Paggamit ng disaster voice message services ng telepono**

Hindi sa lahat ng pagkakataon ay magkakasama ang lahat ng miyembro ng pamilya sa oras ng lindol.

Kung nahiwalay sa pamilya, gamitin ang Disaster Emergency Message Dial atbp., at ipagbigay-alam sa pamilya ang sariling sitwasyon sa paraang napaghandaan.

**◯Paanong gamitin:**

Sa pamamagitan ng pagtawag sa numerong “171” ng NTT Disaster Emergency Message Dial, maaaring magrecord at makinig ng mensahe alinsunod sa gabay ng telepono. 30 segundo ang oras na maaaring irecord kaya ipaliwanag sa maikling paraan ang iyong kinaroroonan atbp.

Bukod sa Disaster Emergency Message Dial, mayroon ding disaster message board para sa mga smartphone at mobile phone kaya kumpirmahin ang detalye nito sa carrier kung saan pumirma ng kontrata, atbp.

| | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| Record | → | ☎ 171 | → | 1 | → | Ilagay ang numero ng telepono | → | Record ( 30 segundo) |
| Replay | → | ☎ 171 | → | 2 | → | Ilagay ang numero ng telepono | → | Replay ( 2 araw ) |

**◯Kasiguraduhan ng kaligtasan sa tahanan**

Dahil lang sa komportable kayong naninirahan sa inyong bahay(kwarto), maaring mayroon kayong hindi mapansin na mapanganib na bagay kapag may emergency. Lalo na ang inyong kusina kung saan gumagamit kayo ng gas at apoy. Gayundin,

siguraduhin na hindi babagsak ang malalaking kasangkapan katulad ng cupboard, refrigerator at bookshelf, at walang bagay na gugulong(mahuhulog) pababa.

◯ **Supplies (kagamitan) kapag may emergency**

Maghanda ng tatlong araw na halaga ng pagkain at tubig (isang linggong halaga kung maaari). Sinasabing ang 1 tao ay kailangan ng mga 3 litro sa isang araw. Mag-ipon ng tubig sa bathtub at PVC tanks para sa pang araw-araw na gamit. Para sa ihahandang minimum package na kakailanganin.

Patiunang ihanda kung anu-ano ang talagang kailangan sa panahon ng sakuna gamit ang emergency kit checklist at iba pa sa ibaba.

## Listahan ng mga kakailanganin sa panahon ng Sakuna

Ilagay ang mga bagay na ito sa isang bag or backpack na madaling bitbitin.

**Halimbawa:**

- ☐ **Pasaporte**
- ☐ **Flashlight**
- ☐ **Radyo**
- ☐ **Baterya**
- ☐ **Guantes**
- ☐ **Karaniwang gamot**
- ☐ **Tisyu paper**
- ☐ **Damit / Underwear**
- ☐ **Posporo / Lighter**
- ☐ **Kutsilyo**
- ☐ **Tubig**
- ☐ **Pagkain**
- ☐ **Mga pinggan at utensils**
- ☐ **Tuwalya**




Ihanda ang mga bagay na sa tingin ninyo ay inyong kakailanganin.

◯ **Pagsasali sa mga disaster prevention drill**

Halos lahat ng mga local organizations ay nagsasagawa ng disaster prevention drill sa mga park o eskwelahan eskwelahan. Huwag mag-atubili na sumali sa mga drill na ito upang malaman ninyo ang gagawin kapag may emergency. Makakatulong ito sa inyong kaalaman at gayundin sa pakipag-ugnayan sa mga kapitbahay.

## ② Evacuation kapag may sakuna

◯ **Kapag lumindol ng malakas:**

- Huwag magmadaling lumabas;
- Patayin ang gas. Kapag nagkasunog, mangyari lamang na humingi ng tulong sa mga kapitbahay sa paunang pagpatay ng sunog.

・Buksan ang mga pinto at bintana upang magkaroon ng dadaanan pagevacuate at protektahan ang sarili.
・Lumayo sa nakaharang na dingding (pader) at mga automatic vending machine;
・Mag-ingat sa mga nahuhulog na bagay.
・Kapag nagmamaneho, ihinto ang sasakyan sa bandang kaliwa ng daan.
・Iwanan ang sasakyan na nakakabit ang susi.

◯**Kapag may malaking sunog:**
Magtipon-tipon sa malapit na temporary meeting spot (park o eskwelahan) at mag-evacuate ng naka-grupo sa nakatakdang malawak na evacuation spot.

◯**Kapag bumagsak o nasunog ang inyong bahay dahil sa lindol:**
Maaari kayong tumigil muna ng pansamantala sa evacuation spot. Ang Ota City ay naglalaan ng 91 na Municipal Elementary at Junior Highschool bilang evacuation spots para sa mga lokal at karatig bayan na mga mamamayan, na kung saan may nakahandang mga pagkain at materyales na kailangan sa panahon ng emergency. Sumunod sa mga alintuntunin ng pasailidad ng evacuation.
Sa panahon ng bagyo at malakas na ulan, maaaring pumasok ang tubig sa underground at mahihirapan mag-evacuate mula diyan. Mag-evacuate sa ligtas na lugar tulad ng matibay na gusaling may mahigit dalawang palapag na malapit sa inyo, o elementary school/junior high-school sa loob ng Ota City. Hindi puwedeng mag-evacuate sa Minemachi Elementary School at Tamagawa Elementary School sa panahon ng bagyo at malakas na ulan.

Kapag lumindol, mangyari lamang na sumagap ng tamang impormasyon sa pamamagitan ng radio, TV at Ota City radio towers. Mag-ingat na magpadala sa mga maririnig na maling balita o impormasyon.

**Mapagkukunan ng impormasyon**

**(1) Website ng Ota City**

**(2) Ota City Disaster Prevention Portal**

**(3) Ota City Disaster Prevention App**

**(4) Website ng Global City Ota Cooperation Association**

**(5) Website ng Cabinet Office: Mga Kapaki-pakinabang na Apps at Website sa Panahon ng Sakuna (Iba't Ibang Wika)**

## (2) Kapag may bagyo at malakas na ulan

Ang bagyo ay tumatama sa Japan lalo na mula tag-init (summer) hanggang taglagas (autumn). Pagtuunan ng pansin ang malalakas na ulan at malalakas na ihip ng hangin sanhi ng bagyo. Madalas nangyayari sa panahong ito na umulan ng napakalakas sa saglit na oras, na magiging sanhi ng pagbaha at iba pang sakuna sa tubig. Kapag may bagyo at malakas na ulan, hangga' t maaari iwasang lumabas ng bahay, at makinig maigi sa weather information. Walang nakakaalam kung gaano talaga kalakas ang mga dumadating na bagyo o ulan, subalit mababawasan ang pinsala sa naturang sakuna kapag pinaghahandaan ang mga pagdating nito.

★**Alamin ang listahan ng mga kakailanganing bagay sa** (P.3) para maihanda ang minimum na pakete na angkop sa pangangailangan ng bawat isa.

### "Ota City Hazard Map"

Ito ay isang mapa na naglalaman ng impormasyon tungkol sa posibilidad na magkaroon ng sakuna sa inyong tirahan o paligid, lokasyon ng mga evacuation spot, atbp.
Mga wikang available: English, Chinese, Simpleng wikang Hapon
Pangunahing sentro ng pamamahagi: City Office Main Building and Branch Offices (P.17)
Ibinigay ng: Disaster Preparation and Crisis Management Division, Ota City
☎03-5744-1235

### Household Disaster Prevention Checklist

Nagpapaliwanag kung paano protektahan ang sarili sa panahon ng lindol at mga bagay na kakailanging ihanda ng maaga.
Mga wikang available: Mga wikang available: English, Chinese
Pangunahing sentro ng pamamahagi: City Office Main Building and Branch Offices (P.17)
Ibinigay ng: Disaster Preparation and Crisis Management Division, Ota City
☎03-5744-1611

### Safety & Security E-mail Notification

Ipapadala ang impormasyon ng lagay ng panahon, lindol, at tsunami sa email sa wikang Chinese, Hangul, at Tagalog.
Pakisuyong tingnan ang detalye nito sa website ng Ota City.